***Bakit sa Tiyak na mga Panahon na Hindi Sinasagot ng Dios ang ating mga Panalangin***

***at Bakit sa Tiyak na Panahon huli ang Sagot ng Dios***

***"1 Oh Panginoon, na Dios ng aking kaligtasan, ako'y dumaing araw at gabi sa harap mo: 2 Masok ang aking dalangin sa iyong harapan: ikiling mo ang iyong pakinig sa aking daing:, 13 Nguni't sa iyo, Oh Panginoon, dumaing ako, at sa kinaumagahan ay darating ang dalangin ko sa harap mo. 14 Panginoon, bakit mo itinatakuwil ang kaluluwa ko? Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha sa akin?" (Awit 88:1-2, 13-14)***

Ang Kasulatang ito mula ng ***Awit 88*** ay ang daing ng isang lalaki sa Dios. Siya ay nanalangin ngunit ang kanyang panalangin ay hindi sinagot. Na parang pinabayaan siya ng Dios. Bakit nagluluwat ang Dios at sa tiyak na panahon ay hindi sinasagot ang ating mga dalangin? Maaaring magbigay ng maraming posibleng dahilan; maaaring hindi ito ang inilaan ng Dios. O maaaring kailangang baguhin ng Dios ang mga sitwasyon para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pinakamainam na paraan. O maaaring may mga bagay ang Dios na nais Niyang gawin sa iyong buhay at baguhin bago Siya sumagot, at marami pang dahilan. Ang Dios ay laging nakikinig sa Kanyang bayan ngunit sa ilang mga sitwasyon hindi Siya tumutugon dahil sa mga walang katiyakan na ikaw lamang ang makakasagot. Ang mga sumusunod na mga posibleng mga sagot ng kung bakit sa tiyak na panahon ay hindi sinasagot ang ating mga panalangin at bakit sa tiyak na panahon ang sagot Niya ay huli.

***1) Kakulangan ng panalangin, o 'Nanalangin kaba?*** Marami sa atin ay may seryosong suliranin patungkol sa oras ng pananalangin. Lahat ay tila nanalangin ngunit hindi palagi o disiplinadong oras sa pananalangin. Palagi tayong nakakahanap ng oras para kumain, magtrabaho, magsaya at matulog, ngunit tila napakahirap na humanap ng oras para manalangin. Tiyak na kinikilala natin ang kahalagahan at importansya ng pananalangin, subalit paulit-ulit nating pinababayaan ang isang kalidad na oras sa piling ng Dios. Iniiwasan natin ang mga dahilan tulad ng, 'Ako ay masyadong pagod,' o 'Ako ay napaka abala' o 'Alam na ng Dios ang aking pangangailangan.' O, hinihiling natin sa isang tao na ipagdasal tayo. Sinabi ni Jesus, ***"23 At sa araw na yaon ay hindi kayo magtatanong sa akin ng anomang tanong. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung kayo'y hihingi ng anoman sa Ama, ay ibibigay niya sa inyo sa aking pangalan. 24 Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihinging anoman sa pangalan ko: kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan." (Juan 16:23-24)*** Maraming beses kang may sakit at tumatakbo ka para magkaroon ng gamot at hindi mo na naaalala na magdasal. May mga problema ka, tumatakbo ka para sa mga solusyon, humihingi ka ng tulong sa mga tao ngunit nakalimutan mong manalangin sa Dios, ***"2 Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala: kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring kamtan: kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka; kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi." (Santiago 4:2 KJV)***

***2) Ikaw ay humihingi sa ibang mga pangalan, o 'Nanalangin ka ba sa pangalan ni Jesus?*** Ang kapangyarihan sa pananalangin ay posible lamang sa paglapit sa Dios sa pangalan ni Jesus, ***"13 At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak. 14 Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin." (Juan 14:13-14 KJV)*** Hindi diringgin ng Dios ang panalangin sa pangalan ni Maria o sa lahat ng mga santo; Pedro, Pablo, Andres, atbp, o sa lahat ng mga pangalan o dios-diosan ng saglibutang ito. * Pati na rin dapat mong malaman na ang pananalangin sa pangalan ni Jesus ay higit pa sa paglakip lamang ng Kanyang pangalan sa dulo ng anumang ating ipinalangin. * Ang epektibong paggamit ng pangalan ni Jesus ay nakasalalay sa ating kaugnayan sa Kanya at sa ating pagsunod sa Kanyang Salita. * Bukod dito, sa paggawa ng kahilingan, ang ating puso ay dapat na naaayon sa layunin ni Cristo at sa Kanyang kalooban.

***3) Ang kakulangan mo ng pananampalataya sa Dios, o 'Nanalangin ka ba nang may pananampalataya? "22 At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kanila, Magkaroon kayo ng pananampalataya sa Dios. 23 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sinomang magsabi sa bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi magalinlangan sa kaniyang puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi niya; ay kakamtin niya yaon." (Marcos 11:22-23 KJV)*** Ang pananampalataya sa Dios na Siya ang kikilos sa ating ngalan ay bunga ng ating kaugnayan, pananalig at tiwala sa Dios, kapag naniniwala tayo nang walang alinlangan na gagawin ng Panginoon ang ipinangako Niya. ***"Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin." (Marcus 11:24 KJV)*** Nangangahulugan din nito na mayroon kang pag iisip ni Cristo na alam mo na tinatanong mo Siya kung ano ang kaakibat ng Kanyang plano at layunin, at sa gayo'y kailangan mong magkaroon ng pananampalataya sa Kanya na gagawin Niya ito para sa Kanyang kaluwalhatian.

***4) Ikaw ay may pagdududa, o 'Nagtanong ka ba sa Dios nang may dalawang akala?' "5 Nguni't kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya. 6 Nguni't humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan: sapagka't yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutulak ng hangin at ipinapadpad sa magkabikabila.7 Sapagka't huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng anoman bagay sa Panginoon; 8 Ang taong may dalawang akala, ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad." (Santiago 1:5-8 KJV)*** * Kapag nanalangin ka at humiling ka sa Dios kung gayon magtiwala sa Dios na ibibigay Niya ang karunungan sa iyo upang pangasiwaan mo ang iyong buhay dahil iyon ang kalooban ng Dios sa iyong buhay at upang tulungan ka na kunin ang tamang pasya. Pagkatapos mong manalangin para sa mga kahilingang iyon hindi ka dapat magduda at hindi ka dapat magdalawang isip na hindi ka sasagutin ng Dios; pagtitiwala sa Dios na tutulungan ka Niya upang kunin ang tamang hakbang sa iyong buhay. * Gayundin sa ilang pagkakataon kapag ikaw ay nanalangin at ginawa ang Dios ng isang bagay na isinarado Niya ang daan o hinarangan ka mula sa ilang mga bagay kung gayon kailangan mong magtiwala sa Dios na sinagot na ng Dios ang iyong panalangin. Kapag sinabi ng Dios sa iyo na 'Hindi', kung gayon iyon ang kasagutan para sa iyong panalangin.

***5) Naitanong mo sa Dios ang iyong mga kagustuhan at ang makasalanang mga hangarin ng iyong laman at hindi ang iyong mga pangangailangan, o 'Nanalangin ka ba nang may maling motibo?'*** Minsan kapag nanalangin ka, napakaraming bagay ang hinihiling mo sa Dios. Naiisip mo na nasa pamilihang tindahan ka at naghahangad para sa bawat ipinapakitang bagay. * Hindi ibibigay ng Dios ang iyong gusto kundi ibibigay ng Dios ang iyong pangangailangan. Kung minsan humihingi ka ng isang bagay na gusto mong gastusin sa ilang aspeto na nagiging sanhi ng iyong pagkakasala; na gagastusin mo ang ibinibigay sa iyo ng Dios sa paninigarilyo, pag-inom, pagsusugal, pangangalunya, atbp. * O hinihiling mo sa Dios na ibigay sa iyo ang karapatan ng ibang tao o kung ano ang hindi nararapat para sa iyo, at gusto mong gamitin iyon para sa pakikipaglaban sa iba. ***"1 Saan nagbubuhat ang mga pagbabaka at saan nagbubuhat ang mga pagaaway sa inyo? hindi baga nagbubuhat dito, sa inyong mga kalayawan na bumabaka sa inyong mga sangkap? 2 Kayo'y nangagiimbot, at kayo'y wala: kayo'y nagsisipatay, at kayo'y nangaiinggit, at hindi maaaring kamtan: kayo'y nangakikipagaway at nangakikipagbaka; kayo'y wala, sapagka't hindi kayo nagsisihingi. 3 Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagka't nagsisihingi kayo ng masama, upang gugulin sa inyong mga kalayawan." (Santiago 4:1-3 KJV)*** * Itinatakwil ng Panginoon ang panalangin na nagmumula sa kasalanan ng kasakiman, pagnanasa at kasakiman. Nais ng Dios na ikaw ay matulad sa larawan ng Kanyang Anak. Hindi Niya ipagkakaloob sa iyo ang mga kahilingan na makakasakit sa iyo o makakabigo at makakasira sa Kanyang disenyo para sa iyong buhay o buhay ng iba. Hindi ipagkakaloob ng Dios sa iyo ang isang bagay upang matupad ang iyong pagnanais ng laman o upang aliwin ang gawain ng diablo sa iyong buhay.

Maging maingat din na huwag ipilit sa Dios na ibigay sa iyo ang isang bagay sa pamamagitan ng pwersa dahil kalaunan babayaran mong may kabigatan ang iyong kahilingan. Gagawin iyon ng Dios dahil iyon ang huling bagay na nanatili upang turuan ka na huwag humiling ng masamang mga bagay o maling motibo sa Dios. Iyon ang nangyari nang ipinilit ng mga Israelita sa Dios na ibigay sa kanila ang karne upang kainin sa ilang. Binigyan Niya sila ng pugo upang kainin ngunit habang ang laman ay nasa kanilang mga bibig, ang mga nangagsikain ay sinalot at namatay. ***"33 Samantalang ang karne ay nasa kanilang mga ngipin pa, na hindi pa nila nangunguya ay nagningas laban sa bayan ang galit ng Panginoon at sinaktan ng Panginoon ang bayan ng isang salot na di kawasa. 34 At ang pangalan ng dakong yaon ay tinawag na Kibroth-hattaavah; sapagka't doon inilibing nila ang bayang sakim." (Bilang 11:33-34 KJV)*** Yaong mga nagsikain ng pagkain at hinamak ang manna na ibinigay sa kanila ng Dios sa gayon ipinadala Niya sa kanila ang salot upang parusahan sila. Siya ang naglaan para sa kanila ng manna. ang masustansyang pagkain, ngunit tinanggihan nila ito kaya nang ipinadala sa kanila ng Dios ang pugo ang mga nagpapakabusog sa pagkain nito nang may katakawan, pinarusahan sila ng Dios dahil alam na nila ang utos ng Dios ngunit hindi pa rin nila sinunod at hindi nagkaroon ng pagpipigil sa sarili. ***"14 Kundi nagnais ng di kawasa sa ilang, at tinukso ang Dios sa ilang. 15 At binigyan niya sila ng kanilang hiling; nguni't pinangayayat ang kanilang kaluluwa." (Awit 106:14-15)*** * Kaya kapag batid mo ang Salita ng Dios at ang iyong pangangailangan ay tinugon kung gayon kailangan mong magpakabait at huwag humiling sa Dios ng maling mga bagay, kung hindi man kung ipipilit mo at patuloy na magmamaktol maaring bigyan ka Niya o ngunit paparusahan ka rin Niya.

Ang ibang halimbawa ay nang ipinilit ng mga Israelita kay Samuel na bigyan sila ng hari na mamumuno sa kanila katulad ng ibang bansa, kung saan itinakwil nila ang Dios at hindi si Samuel gaya ng ipinahayag sa kanya ng Panginoon, ***"7 At sinabi ng Panginoon kay Samuel, Dinggin mo ang tinig ng bayan sa lahat ng kanilang sinasabi sa iyo; sapagka't hindi ikaw ang kanilang itinakuwil, kundi itinakuwil nila ako, upang huwag akong maghari sa kanila." (1 Samuel 8:7 KJV)*** Sa wakas ay ibinigay sa kanila ng Dios ang kanilang kahilingan at sa huli'y natalo ang mga Israelita sa kanilang digmaan sa harap ng mga Filisteo sa bundok ng Gilboa, ***"11 Aking binigyan ka ng hari sa aking kagalitan, at inalis ko siya sa aking poot." (Hosea 13:11 KJV)***

***6) Kawalan ng pagpipitagan sa Dios, o 'Nananalangin ka ba nang may pagpipitagan sa Dios?' "7 At sa pananalangin ninyo ay huwag ninyong gamitin ang walang kabuluhang paulitulit, na gaya ng ginagawa ng mga Gentil: sapagka't iniisip nilang dahil sa kanilang maraming kasasalita ay didinggin sila." (Mateo 6:7)*** Ang pananalangin ay sinadya upang maging isang dalawang pagkikipag ugnayan sa Dios. * Dapat nating matanto na sa pananalangin, madalas tayong bigyan ng Banal na Espiritu ng panloob na patotoo, ang kapayapaan at pananampalataya kapag nananalangin tayo nang may pagpipitagan at paghanga sa Dios. * Ang Dios ay ang Dios na nakakaalam ng lahat na karapat-dapat sambahin at sambahin hindi lamang sa pamamagitan ng salita kundi sa pusong nakikinig. Dapat mo ring alamin kung ano ang kailangan mong ipagdasal at hindi lamang maraming salita na iniisip na sasagutin ka ng Dios dahil sa iyong maraming salita, samakatuwid kailangan mong matakot sa Dios at igalang Siya upang ang iyong mga panalangin ay hindi mahadlangan, ***"2 Huwag kang pakabigla ng iyong bibig, at huwag magmadali ang iyong puso na magsalita ng anomang bagay sa harap ng Dios; sapagka't ang Dios ay nasa langit, at ikaw ay nasa lupa: kaya't pakauntiin mo ang iyong mga salita." (Manunulat 5:2 KJV)*** Kaya kapag nanalangin ka, kailangan mong magpakabait at magsalita ng ka nang tumpak at may pagpipitagan sa kung ano ang kailangan mong hilingin sa Dios, at hindi na kailangang magsalita ng maraming salita at hindi na kailangang ulitin.

***7) Ikaw ay mapagmalaki, o 'Mapagkumbaba ka bang nanalangin?'*** Ang panalangin ay hindi pagmamalaki at pagpapakitang gilas, kundi pagpapakumbaba sa harap ng Dios. Ang ilan ay nananalangin hindi para sa Dios na marinig, ngunit para sa mga tao na marinig ang mga ito. ***"5 At pagka kayo ay nagsisidalangin, ay huwag kayong gaya ng mga mapagpaimbabaw: sapagka't iniibig nila ang magsidalangin ng patayo sa mga sinagoga at sa mga likuang daan, upang sila'y mangakita ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Tinanggap na nila ang sa kanila'y ganti." (Mateo 6:5 KJV)*** Ang layunin ng Dios para sa pananalangin ay yaong ikaw ay magsalita sa Dios at makinig ka sa Kanya kapag Siya ay nagsalita sa iyo. Ang panalangin ay hindi upang hayaan ang mga tao na makinig sa iyo at hindi upang mapabilib ang mga tao sa iyong panalangin. Gagantimpalaan ka ng Dios kapag iniiwasan mo ang pagmamalaki sa gayong paraan. ***"6 Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka." (Mateo 6:6 KJV)*** Ang kahulugan dito ng kaayusang ito na kapag nanalangin ka kailangan mong pumunta sa iyong kuwarto ay hindi ganoon ka obligadong manalangin sa iyong silid at hindi sa ibang lugar kundi dapat makinig ang Dios sa iyong panalangin at hindi ang mga tao.

***8) Kayo ay mapagmalaki at mapagmataas sa sarili, o 'Hinamak ba mo ang iba na itinuturing ang iyong sarili na mas mabuti kaysa iba sa harap ng Dios?' "10 May dalawang lalaking nagsipanhik sa templo upang magsipanalangin; ang isa'y Fariseo, at ang isa'y maniningil ng buwis. 11 Ang Fariseo ay nakatayo at nanalangin sa kaniyang sarili ng ganito, Dios, pinasasalamatan kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao, na mga manglulupig, mga liko, mga mapangalunya, o hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito. 12 Makalawa akong nagaayuno sa isang linggo; nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan. 13 Datapuwa't ang maniningil ng buwis, na nakatayo sa malayo, ay ayaw na itingin man lamang ang kaniyang mga mata sa langit, kundi dinadagukan ang kaniyang dibdib, na sinasabi, Dios, ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan. 14 Sinasabi ko sa inyo, Nanaog at umuwi sa kaniyang bahay ang taong ito na inaaringganap kay sa isa: sapagka't ang bawa't nagmamataas sa kaniyang sarili ay mabababa; datapuwa't ang nagpapakababa sa kaniyang sarili ay matataas." (Lucas 18:10-14 KJV)*** Ang maniningil ng buwis na isang makasalanan ay nagpunta sa templo upang manalangin at umuwi nang may katuwiran dahil lumapit siya sa Dios nang may pagpapakumbaba at nagsisi ng puso. Sinasabi niya sa Dios na siya ay makasalanan at nakikiusap sa Dios na maawa sa kanya. Ngunit ang Fariseo ay nagmamalaki at mapagmataas sa sarili at nagmamalaki sa harap ng Dios tungkol sa kanyang mga mabuting ginagawa ngunit hindi niya nakita ang kakulangan sa kanyang pagpapakumbaba, sa kanyang kapalaluan at pagmamalaki. Sinamantala niya ang Dios at hindi hiniling sa Dios na maawa sa kanya, kaya umuwi siya na hindi pinatawad ang kanyang mga kasalanan. Sa pagpapakumbaba ng ating sarili sa harapan ng Dios kailangan nating ipagtapat at hilingin ang kapatawaran para sa ating mga kasalanan at kamalian. Kailangan nating magsumamo sa Dios na mahabag sa atin at patawarin ang ating masamang gawain at panumbalikin tayo sa Kanya.

***9) Hindi mo pa pinatawad ang iba, o 'Mayroon ka bang hindi pagpapatawad sa iba?'*** Patatawarin ka ng Dios at makikinig sa iyong mga panalangin kapag nagsisi ka tulad ng pagpapatawad mo sa iba. ***"14 Sapagka't kung ipatawad ninyo sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay patatawarin naman kayo ng inyong Ama sa kalangitan. 15 Datapuwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan." (Mateo 6:14-15 KJV)*** Ang hindi pagpapatawad ay isang balakid para masagot ang ating mga panalangin.

***10) Itinatago mo ang kasalanan sa iyong puso, o ' Nanalangin ka ba nang may dalisasy na puso?'*** Ang sinasadya at di pagsisisi na kasalanan ay hahadlang at sisirain ang ating buhay panalangin. ***"18 Kung pinakundanganan ko ang kasamaan sa aking puso, hindi ako didinggin ng Panginoon; 19 Nguni't***

***katotohanang dininig ako ng Dios; kaniyang pinakinggan ang tinig ng aking dalangin." (Awit 66:18-19 KJV)*** Sa ating sarili, hindi tayo karapat dapat na lumapit sa harap ng Dios. Ngunit ginawang possible ito ni JesuCristo para sa atin nang namatay Siya sa krus para sa ating mga kasalanan. Kaya kailangan nating mamuhay nang may katapatan upang mapasaya ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban. Kailangan nating laging saliksikin at suriin ang ating sarili at tingnan kung may kasalanan ba na kailangan nating ipagtapat at talikuran upang ang ating mga panalangin ay hindi mahadlangan.

***11) Hindi ka makatarungan sa iba, o 'Nananalangin ka ba nang may malinis na mga kamay?'*** Ang kawalang katarungan, pang aabuso at pagsasamantala sa iba ay humahadlang sa ating mga panalangin sa Dios. Hindi lamang natin kailangang magpakita ng paggalang sa Dios, kundi dapat din nating igalang ang isa't isa. Hindi lamang ito kailangan nating humingi ng tawad sa Dios, kundi dapat din tayong humingi ng tawad sa isa't isa. ***"7 Gayon din naman kayong mga lalake, magsipamahay kayong kasama ng inyo-inyong asawa ayon sa pagkakilala, na pakundanganan ang babae, na gaya ng marupok na sisidlan, yamang kayo nama'y kasamang tagapagmana ng biyaya ng kabuhayan: upang ang inyong mga panalangin ay huwag mapigilan." (1 Pedro 3:7 KJV)*** * Dapat isaalang alang ng mga lalaki ang kanilang mga asawa at hindi sila dapat pasanin at bigyan sila ng mga pananagutan nang higit pa sa kanilang kakayahan at pananampalataya para sa gayon ay makakahadlang sa kanilang mga panalangin. Dapat isaalang alang ng mga lalaki ang kanilang mga asawa sila ay tagapagmana kasama nila ng walang hanggang buhay, upang ang kanilang kaligtasan ay maapektuhan kung sila ay maglulan ng labis. * Kaya kailangang maging mapagmalasakit ang mga lalaki sa kanilang asawa. Asawang lalaki, magsisi at humingi ng tawad mula sa iyong asawa kung may nagawa kang maling bagay sa kanya. * Asawang babae, magsisi at humingi ng tawad sa iyong asawa kung may nagawa kang maling bagay sa kanya.

Kailangan din nating suriin ang ating sarili kung may nagawa tayong isang bagay na masama sa iba: ***"23 Kaya't kung inihahandog mo ang iyong hain sa dambana, at doo'y maalaala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo, 24 Iwan mo roon sa harap ng dambana ang hain mo, at yumaon ka ng iyong lakad, makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at kung magkagayon ay magbalik ka at ihandog mo ang iyong hain." (Mateo 5:23-24 KJV)***
Sa parehong paraan kung naalala mo na ang iyong kapatid ay may nagawang isang bagay laban sa iyo kung gayon kapag tayo'y nanalangin o inialay ang iyong paglilingkod o kaloob sa harapan ng dambana ng Dios, kung gayon iwanan ang iyong kaloob doon, at gawin ang lahat ng magagawa mo upang makipagpayapaan sa kanya. Kung nais niyang makipagkasundo kung gayon mabuti, ngunit kung hindi niya gusto kung gayon ginawa mo na ang iyong tungkulin, sa gayon pumunta at ialay ang iyong panalangin o paglilingkod o kaloob sa Dios at ito'y tatanggapin ng Dios.

***12) Ginagawa mo ang iyong sariling kalooban at plano, o 'Nanalangin ka ba ayon sa kalooban at plano ng Dios?' "14 At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya: 15 At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi." (1 Juan 5:14-15 KJV)*** * Kapag nanalangin ka ayon sa iyong sariling kalooban hindi makikinig at tutugon ang Dios sa iyong panalangin. * Gayundin sa tiyak na panahon hindi mo nakikita ang ibinibigay ng Dios sa iyo dahil naghihintay kang tumanggap ayon sa iyong sariling kagustuhan at hindi sa Kanyang kalooban. * Paghahanap sa kalooban ng Dios sa ating mga panalangin ay hindi lamang kalugod lugod sa Dios, kundi tatanggapin natin ang pinakamainam at higit pa sa ating plinano o inisip. ***"11 At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Dios ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kaniyang Anak. 12 Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay. 13 Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan, sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios. 14 At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya:" (Jeremias 29:11-14 KJV)***

Ang malaking tanong ay, *Paano mo malalaman na nanalangin ka ayon sa kalooban ng Dios?'* Una, Inihayag ng Dios ang maraming tiyak na tagubilin, kautusan, at alituntunin ng Kanyang kalooban sa Biblia. Pangalawa, ang pagbabasa ng Salita ng Dios sa Biblia ay maipapakita sa iyo ng plano ng Dios at ng kalooban ng Dios sa iyong buhay. Pangatlo, habang lalo kang mapagpakumbaba at mas hinahanap mo ang Dios at nagnanais na gawin ang Kanyang kalooban, kung gayon mas lalong magbubukas ang Dios sa iyo at magsasalita sa iyo tungkol sa Kanyang kalooban at gagabayan ka Niya kung paano mo ito gagawin at ipamuhay ang iyong buhay para dito. Pang apat, pagtitibayin sa iyo ng Dios ang Kanyang plano at Kanyang kalooban sa pamamagitan ng mga pangyayari at magsasalita sa iyo sa pamamagitan ng mga pangitain, panaginip o sa pamamagitan ng Kanyang makaDiyos na bayan upang lubos kang patnubayan dito.

* Ang paraan ng Dios sa pagsagot sa ating mga panalangin ay ang paraan upang turuan tayo ng Kanyang mga landas; upang ituwid tayo, upang dalhin tayo sa pagsisisi, disiplinahin tayo, sanayin tayo, turuan tayo ng mga

bagong bagay, tulungan tayong madaig ang kapangyarihan ng kadiliman, at upang itayo ang ating kabisera ng pananampalataya sa Kanya. * Ang lahat ng ating mga panalangin ay sasagutin ng Dios sa takdang panahon at kalooban. Ang sagot ng Dios sa ating panalangin ay hindi kailanman huli o masyadong maaga. Sa halip, tayo mismo ay nahuhuli sa paghingi at pagtanggap ng Kanyang ibinibigay sa atin. ***"17 Ang bawa't mabuting kaloob at ang bawa't sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na bumababa mula sa Ama ng mga ilaw, na walang pagbabago, ni kahit anino man ng pagiiba." (Santiago 1:17 KJV)*** Magtiwala sa Kanya at patuloy na manalangin at ihahayag Niya sa iyo ang Kanyang ganap na kalooban.

***13) Hindi ka seryoso  sa pag iingat mo ng iyong pangako sa Dios o 'Taimtim at mapilit ka bang nanalangin?' "5 At sinabi niya sa kanila, Sino sa inyo ang magkakaroon ng isang kaibigan, at paroroon sa kaniya sa hating gabi, at sa kaniya'y sasabihin, Kaibigan, pahiramin mo ako ng tatlong tinapay; 6 Sapagka't dumarating sa akin na galing sa paglalakbay ang isa kong kaibigan, at wala akong maihain sa kaniya; 7 At siya na mula sa loob ay sasagot at sasabihin, Huwag mo akong bagabagin: nalalapat na ang pinto, at kasama ko sa hihigan ang aking mga anak; hindi ako makabangon at makapagbigay sa iyo? 8 Sinasabi ko sa inyo, Kahit siya'y hindi bumangon, at magbigay sa kaniya, dahil sa siya'y kaibigan niya, gayon ma'y dahil sa kaniyang pagbagabag ay siya'y magbabangon at ibibigay gaano man ang kinakailangan niya." (Lucas 11:5-8 KJV)*** Dito sa salaysay na ito na sinalita ni Jesus ang lalaking bumangon mula sa kanyang kama at binuksan ang pinto sa kalagitnaan ng gabi at pinaginhawa ang lalaki na pumunta sa kanya hindi dahil siya ay kanyang kaibigan kundi siya ay nagpatuloy sa pagkatok sa kanyang pintuan. * Ang mahalagang punto para sa atin ay manatiling tapat sa Dios at maging matiyaga sa ating mga panalangin sa Kanya. Matapos nating malaman ang kalooban ng Dios kung gayon kailangan nating magtiis na gawin iyon. Pinagmamasdan tayo ng Dios at nais Niyang kumatok lamang tayo sa Kanyang pintuan at huwag pumunta sa pintuan ng iba.  May mga pagkakataon na nagluluwat ang Diyos na ibigay sa atin ang ating mga pangangailangan para masubukan tayo kung patuloy tayong tatayo sa Kanyang pintuan o pupunta tayo at kumakatok sa ibang pintuan. May mga taong tinatanong ko sila kung bakit ginawa mo ang gayong mali bagay. Sabi nila kasi hiningi namin sa Dios at dahil hindi Siya nagbigay ginawa namin yun. Dapat silang maghintay at magtiwala sa Dios at magpatuloy sa mga panalangin nang may pananampalataya hanggang sa Siya ay sumagot. Sa pamamagitan ng mga panalangin tuturuan taya ng Dios na itatag ang ating pananampalataya at magtiwala sa Kanya kaysa sa sa materyal na mga bagay sa sanglibutang ito. Ang taimtim na panalangin ayon sa kalooban ng Diyos ay nangangailangan na ang ating mga panalangin ay malinaw at tiyak sa halip na malabo at pangkalahatang mga kahilingan.

***14) Pinipigilan ka ng diablo at ng mga demonyo nito, o 'Pinalayas mo ba ang diablo at mga demonyo sa iyong landas sa pamamagitan ng dugo at pangalan ni Jesus?'*** Nang ipinakumbaba ni Daniel ang kanyang sarili sa panalangin at pag aayuno upang hanapin ang Dios at magkaroon ng kaunawaan at disiplinahin ang kanyang sarili, sinagot ng Dios ang kanyang mga panalangin mula sa unang araw ngunit ang sagot ay naantala na makarating sa kanya sa pamamagitan ng anghel na si Gabriel dahil sa pagsalungat ng prinsipe ng Persia, na kumakatawan sa alinman sa Satanas, ang prinsipe at diyos ng mundong ito, o isa sa kanyang mga pangunahing demonyo sa ilalim niya, na ginamit sa kanya upang gawin ang kung ano ang masamang magagawa niya sa hukuman ng hari ng Persia, laban sa mga tao ng Diyos, ang mga Judio:  ***"11 At sinabi niya sa akin, Oh Daniel, ikaw na lalaking minamahal na mainam, unawain mo ang mga salita na aking sinasalita sa iyo, at tumayo kang matuwid; sapagka't sa iyo'y sinugo ako ngayon. At ng kaniyang masalita ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nanginginig. 12 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dinig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita. 13 Nguni't ang prinsipe ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong prinsipe, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon na kasama ng mga hari sa Persia." (Daniel 10:11-13 KJV)***  Si Gabriel ay sinalungat ang kapangyarihan ng kadiliman, sa pamamagitan ng pagpukaw sa hari ng Persia laban sa mga Judio sa paggamit ng mga tao at mga kaloob upang baguhin ang isip ng hari laban sa pagbibigay ng pabor sa mga Judio, at kaya si Miguel ay dumating upang tulungan siya at iyon ang dahilan kung bakit si Gabriel ay ikinulong ng 21 araw at naantala upang maabot si Daniel.  Sa parehong paraan kailangan nating kumilos kagaya ni Daniel; kapag batid na natin ang kalooban ng Dios kailangan nating patuloy na manalangin at mag ayuno sa gayo'y ang kapangyarihan ng Diablo ay mapagtagumpayan sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon ang tagapag utos ng mga hukbo ng Dios.

***Sa aking mahal at minamahal: "14 Kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba at dumalangin, at hanapin ang aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; akin ngang didinggin sa langit, at ipatatawad ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin ko ang kanilang lupain." (2 Cronica 7:14 KJV)*** * Ang mga kinakailangan ng Dios sa atin para sagutin ang ating mga panalangin ay yaong kailangan nating ipakumbaba ang ating sarili, panatiling isantabi ang ating pagmamalaki, at simulang lumapit sa Kanya, hanapin ang Kanyang mukha at hindi ang Kanyang kamay. * Ang paghahanap sa kamay ng Dios ibig sabihin nito ay hinahanap mo ang mga materyal na bagay mula lamang sa Dios. Ngunit ang paghahanap sa mukha ng Dios ay nais mong makita ang Kanyang mukha na masaya sa iyo at ang paghahanap sa mukha ng Dios ay ang pagtatanong mo ng higit pang mga detalye ng Kanyang kalooban at plano sa iyong

buhay. * Pagkatapos sa gayong pag unlad ay malalaman mo ang iyong mga kasalanan at pagkakamali at magpapasya kang tumalikod sa iyong masasamang gawain, at iyon ay pagsisisi at iyon ang panahon na diringgin ng Dios ang iyong mga panalangin, patatawarin ang iyong kasalanan at magbibigay ng lunas sa iyong buhay, sa iyong katawan, sa mga kauganayan na mayroon ka sa mga tao sa paligid mo, at hayaang dumaloy muli ang Kanyang mga pagpapala sa iyong buhay at magkakaroon ka ng kagalakan at nabuhay at tiniyak na ang iyong kaugnayan sa Dios at ang iyong pakikipagpisan sa Kanya ay naibalik.

Tayo ay manalangin…

**Ang aking Panalangin:** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. PANGINOON ako'y nagpapasalamat sa iyo para sa lahat ng aral na aking tinanggap sa mensaheng ito.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Iwaksi ang iyong kapalaluan, kayabangan, pagmamalaki, pagmamalasakit sa sarili, pakikipaglaban, inggit, paninibugho, pagnanasa, imoralidad, pag inom, at paninigarilyo. Magsisi at talikuran ang iyong kamunduhan, ang iyong kasakiman at ang iyong pagmamahal sa materyal na mga bagay. Magsisi ka at talikuran mo lahat ng mga dios-diosan mo. Magsisi sa kasalanan ng kawalang katarungan, pang aabuso at pagsamantala. Magsisi at talikuran ang iyong hindi pagpapatawad, galit, poot, at inaalagaan ang sama ng loob sa iyong puso laban sa iba. Magsisi sa iyong kawalan ng pananampalataya, pag aalinlangan, at kawalan ng tiwala sa Dios. Magsisi sa iyong hindi pagpayag na magdusa para kay Cristo at sundin ang Kanyang kalooban at ang plano na mayroon Siya para sa iyo. Magsisi sa iyong kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at kawalan ng maayos na pananalangin sa araw-araw. Magsisi at talikuran ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya, at sa Media, mga Balita at palaro. Panginoon nagsisisi ako at tinatalikdan ang mga sumusunod na kasalanan ______________________.*

*Panginoon ipinakukumbaba ko ang aking sarili sa harap mo, pagbabalik sa iyo, paghahanap sa iyong mukha, paggawa ng iyong plano at kalooban, at paglakad sa iyong mga landas. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na panatilihin sa araw-araw ang oras ng pananalangin. Panginoon tulungan ako at alalayan ako sa buhay na ito, ibigay ang aking pang araw-araw na pangangailangan sa gayo'y patuloy akong maglingkod sa iyo.*

*Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na nagsisi at nagtalaga ng kanilang buhay upang mamuhay ayon sa iyong kalooban at plano. Panginoon protektahan at gabayan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Diablo kami ay sumasalungat sa iyo at sa iyong mga demonyo sa pangalan ni Jesus at sa pamamagitan ng Kanyang dugo na ibinuhos sa krus para sa ating mga kasalanan. Umalis ka sa aming mga Kapatid at huwag na silang guguluhin.*

*Panginoon tulungan kami bilang simbahan at gabayan kami kasama ng iyong Banal na Espiritu na patuloy na ipangaral ang iyong Salita at iyong kalooban sa mga tao. Panginoon tulungan kami na patuloy na manalangin ayon sa iyong kalooban at gaya ng patnubay ng Banal na Espiritu sa amin. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at pagkalooban kami ng mga Espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy at mag evangelio, at gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga manggagawa na pumaroon at magtanim ng higit pang mga pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito upang makarating sa lahat ng mga kapisanan at mga kasapi ng simbahan sa iba't ibang lugar at hayaan mo itong magbunga na nais mong makita sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong mga tao. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay na sumasa amin at palayain kami mula sa pinsala upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Bakit sa Tiyak na mga Panahon na Hindi Sinasagot ng Dios ang ating mga Panalangin, at Bakit sa Tiyak na mga Panahon ang Sagot ng Dios ay Huli. Mga Awit 88:1-2, 13-14. Juan 16:23-24. Juan 14:13-14. Marcos 11:22-25. Santiago 1:5-8. Santiago 4:1-3. Mga Bilang 11:33-34. Mga Awit 106:14-15. 1 Samuel 8:7. Hosea 13:11. Mateo 6:5-7, 14-15. Eclesiastes 5:2. Lucas 18:10-14. Marcos 11:25. Mga Awit 66:18–19. 1 Pedro 3:7. Mateo 5:23-24. I Ni Juan 5:14-15. Jeremias 29:11-14. Santiago 1:17. Lucas 11:5-8. Daniel 10:11-13. 2 Cronica 7:14.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos

United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com